

ORDINANSA NUM. NS-9.291

ISANG UNCODIFIED NA AGARANG ORDINANSA NG LUPON NG MGA SUPERBISOR NG COUNTY NG SANTA CLARA NA MAY KAUGNAYAN SA PAGPAPATUPAD NG MGA KAUTUSAN NG PAMPUBLIKONG PANGKALUSUGAN AT IBA PANG MGA BATAS NA MAY KAUGNAYAN SA PANDEMYANG COVID-19, NA NAGBIBIGAY NG MGA ADMINISTRATIBONG MULTA, AT NAGPAPAHAYAG NG AGARANG AKSYON NITO

Buod

Ang Agarang Ordinansa na ito ay nagtatatag ng isang programa ng pagpapatupad at pinapahintulutan ang mga administratibong multa para sa mga paglabag sa mga Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan at iba pang mga batas na may kaugnayan sa pandemyang COVID-19, at nagsasaad ng mga impormasyon na lubusang nagpapaliwanag ng pangangailangang ito.

NAPAG-ALAMAN AT DINIDEKLARA NG LUPON NG MGA SUPERBISOR NG COUNTY NG SANTA CLARA ANG MGA SUMUSUNOD:

KUNG SAAN, sa huling bahagi ng Disyembre 2019, ilang mga kaso ng isang bagong coronavirus na nakilala bilang Bagong Coronavirus 2019 ("COVID-19") ang lumitaw sa probinsya ng Hubei sa Tsina;

KUNG SAAN, noong Enero 30, 2020, idineklara ng World Health Organization ang COVID-19 ay isang Emergency sa Pampublikong Pangkalusugan na nagdulot ng pagkabahala sa buong mundo;

KUNG SAAN, noong Enero 31, 2020, sa pagkalat ng COVID-19, idineklara ng Sekretarya ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos ang isang Emergency sa Pampublikong Pangkalusugan;

KUNG SAAN, noong Pebrero 10, 2020, ang County ng Santa Clara ("County") ay nagpahayag ng isang emergency sa pampublikong pangkalusugan upang tumugon sa pandemyang COVID-19 at pangasiwaan ang pagkalat nito sa buong County;

KUNG SAAN, noong Marso 4, 2020, naglabas si Gobernador Gavin Newsom ("ang Gobernador") ng isang Proklamasyon ng State of Emergency sa California na may kaugnayan sa pandemyang COVID-19;

KUNG SAAN, mula noong Marso 9, 2020, ang Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara ("Opisyal ng Pangkalusugan") ay naglabas ng mga kautusan na nangangailangan sa mga negosyo at indibidwal na gumawa ng ilang pamamaraan upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19;

KUNG SAAN, noong Hulyo 2, 2020, naglabas ang Opisyal ng Pangkalusugan ng isang Ordinansa NS-9.291 hinggil sa
Pagpapatupad ng mga Kautusan ng
Pampublikong Pangkalusugan at
Iba pang mga Batas na May Kaugnayan sa
pandemyang COVID-19, Nagbibigay ng
mga Administratibong Multa

Pahina 1 ng

Kautusan na Nagtatatag ng Mahigpit na ipinapatupad na Pamamaraan sa Pagbabawas ng Panganib na Naaangkop sa Lahat ng mga Aktibidad at Sektor upang Tugunan ang Pandemyang COVID-19 ("Kautusan ng Pagbabawas sa Panganib") upang matiyak na ang mga negosyo at indibidwal ay gumawa ng mga kinakailangang pag-iingat upang mabawasan ang panganib ng pandemyang COVID-19;

KUNG SAAN, noong Hunyo 10, 2020, naglabas ang Opisyal ng Pangkalusugan ng isang Kautusan na Nangangailangan sa Ilang Pasilidad ng Health Care sa loob ng County upang Mag-alok ng Pagsusuring Dyagnostiko ng COVID-19 sa mga Taong May mga Sintomas, mga Taong Nakipagsalamuha sa mga Nakumpirmang Kaso ng COVID-19, at mga Tao na May Mas Mataas na Panganib ng Pagkakalantad ("Kautusan ng Pagsusuri") na nangangailangan sa malaking pasilidad ng health care na gumawa ng pagsusuri sa sinumang taong may mga sintomas ng COVID-19, nalantad sa isang nakumpirmang kaso ng COVID-19, o may mas mataas na panganib ng pagkakalantad sa COVID-19;

KUNG SAAN, ang Gobernador ay naglabas ng Executive Order N-33-20 at N-60-20 noong Marso 19 at Mayo 4, 2020, ayon sa pagkakabanggit, na nangangailangan ng pagsunod sa lahat ng mga kautusan ng pampublikong pangkalusugan ng Estado at ng lokal at, sa Executive Order N-60-20, malinaw na kinikilala ang awtoridad ng lokal na opisyal ng pangkalusugan upang maitaguyod at ipatupad ang mga kautusan ng pampublikong pangkalusugan na mas mahigpit kaysa sa mga inilabas ng Estado;

KUNG SAAN, noong Hunyo 29, 2020, nilagdaan ni Gobernador Newsom ang 2020 Batas ng Budget na nagbibigay ng ilang pondo na magagamit ng mga county na nakasalalay sa pagsunod nila sa mga kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado;

KUNG SAAN, noong Marso 24, 2020, ipinatupad ng Lupon ng mga Superbisor ang isang Ordinansa na Pansamantalang Pinagbabawal ang mga Pagpapalayas sa Hindi Pagbayad ng Renta ng mga Nangungupahan sa mga Tirahan at sa Komersyal na Real Estate sa Santa Clara County na Direktang Naapektuhan ng Pandemyang COVID-19, at Nagsasaad ng mga Impormasyon na Lubusang Nagpapaliwanag ng Pangangailangang ito ("Moratoryo ng Pagpapalayas") na naglalagay ng isang moratoryo sa mga pagpapalayas sa mga nangungupahan sa tirahan at sa ilang mga komersyal dahil sa mga naranasang kahirapan na may kaugnayan sa COVID-19. Kasunod na pinalawak ng Lupon ang Ordinansa sa Mayo 26, 2020 at Hunyo 2, 2020;

KUNG SAAN, lahat ng mga negosyo at indibidwal sa County ay kinailangan at patuloy na kinakailangang sumunod sa mga probisyon ng mga Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan, kabilang ang mga nakatukoy sa itaas;

KUNG SAAN, ang kabiguan sa pagsunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan ay maituturing na isang napipintong banta at panganib sa kalusugan ng publiko at isang pambagabag sa publiko;

KUNG SAAN, ang Lupon ng mga Superbisor para sa County ng Santa Clara ay nagpasya na nararapat na magtatag ng isang civil enforcement program upang maipatupad ang mga Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan at labanan ang pagkalat ng COVID-19;

KUNG SAAN, mayroong isang agarang pangangailangan para sa County na gumawa ng isang komprehensibong civil enforcement program upang mapangalagaan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga residente nito sa dahil sa emergency na idineklara hinggil sa pandemyang COVID-19;

KUNG SAAN, alinsunod sa Artikulo XI, seksyong 7 ng Konstitusyon ng California, at mga seksyon 25845 at 53069.4 ng Kodigong Gobyerno, maaaring tanggapin at ipatupad ng County ang mga ordinansa at regulasyon na hindi salungat sa mga pangkabuuang batas upang maprotektahan at maitaguyod ang kalusugan ng publiko, kaligtasan, at kapakanan ng mga residente nito; at

KUNG SAAN, alinsunod sa Kodigo 8634 ng Gobyerno, at dahil sa idineklara na emergency sa County, itong Agarang Ordinansa at ang civil enforcement program ay dapat mailapat sa mga nakalakip at hindi nakalakip na mga lugar upang matiyak ang matatag at pare-parehong pagpapatupad ng mga Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan.

ANG LUPON NG MGA SUPERBISOR NG COUNTY NG SANTA CLARA AY NAGTALAGA NG MGA SUMUSUNOD:

PAGTALAGA NG ISANG PROGRAMA NG PAGPAPATUPAD PARA MAPATUPAD ANG MGA UTOS NA MAY KAUGNAYAN SA COVID-19

SEKSYON 1. Hangarin, Layunin, at ang mga Napag-alaman.

Napag-alaman at dinideklara ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara ang lahat ng mga sumusunod:

- a. Ang kabiguang sumunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan, tulad ng tinukoy sa Seksyon 2 ay maituturing na isang napipintong banta at panganib sa kalusugan ng publiko at isang pambagabag sa publiko. Ang layunin ng Ordinansang ito ay magsagawa ng mabisa at laganap na pagpapatupad ng mga Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan upang makontrol ang pagkalat ng COVID- 19 at mabawasan ang mga epekto nito.
- b. Ang Ordinansa na ito ay nagbibigay ng awtoridad sa civil enforcement upang matiyak ang pagsunod sa mga Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan bilang karagdagan sa iba pang mga mekanismo na magagamit ng batas. Ang awtoridad na ibinigay ng Ordinansang ito upang magpataw ng mga parusang administratibo ay isang mahalagang hadlang sa lumalabag sa mga Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan at sa gayon ay maprotektahan ang buhay at kabuuang kalusugan ng mga residente ng County.
- c. Ang Ordinansa na ito ay kumikilala sa pangangailangan para sa komprehensibong pagpapatupad ng mga Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan gamit ang lahat ng awtoridad na ipinagkaloob sa ilalim ng batas. Bilang mekanismo ng civil enforcement, ang mga parusang administratibo na pinahintulutan ng Ordinansang ito ay umaakma,

at hindi pumapalit sa kasalukuyang civil at criminal enforcement.

- d. Pinagsama ng Ordinansa na ito ang lahat ng napag-alaman sa Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan at inilabas alinsunod sa mga pinagsamang, Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng isang State of Emergency na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom; ang Pebrero 3, 2020 na Proklamasyon ng Direktor ng mga Serbisyong Pang-Emergency na Nagdideklara ng Pagkakaroon ng isang Lokal na Emergency sa County; ang Pebrero 3, 2020 na Deklarasyon ng Lokal na Pangkalusugan na Emergency Hinggil sa Bagong Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan; ang Pebrero 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara sa Pagpapatibay at Pagpapalawak ng Deklarasyon ng Lokal na Pangkalusugan na Emergency; at ang Pebrero 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara sa Pagpapatibay at Pagpapalawak ng Proklamasyon ng isang Lokal na Emergency.
- e. Ang Ordinansa na ito ay tinaggap, *kasama ang ibang bagay*, upang mabawasan ang banta ng pagkalat ng COVID-19 sa County sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan at dapat manatiling ipinapatupad at may bisa hanggang tanggalin ng Lupon na ito. Lahat ng mga probisyon ng Kautusang ito ay dapat isalin upang maipatupad ang hangarin na ito.

//.

SEKSYON 2. Mga kahulugan.

Para sa mga layunin ng Ordinansang ito, ang mga sumusunod na kahulugan ay dapat mailapat:

- a. Ang "Lupon" ay nangangahulugang Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara.
- b. Ang "Negosyo" ay nangangahulugan sa anumang for-profit, non-profit, o pang-edukasyon na entidad, maging isang entidad ng korporasyon, organisasyon, samahan, o nag-iisang pagmamay-ari, at sa anumang katangian ng serbisyo, ang gawain na ginagawa nito, o istruktura ng korporasyon o entidad. Para sa kalinawan, kasama sa Negosyo ang for-profit, non-profit, o entidad na pang-edukasyon na nagsasagawa ng mga serbisyo o gawain sa ilalim ng kontrata sa isang ahensiya ng gobyerno.
- c. Ang "County" ay nangangahulugan ng County ng Santa Clara, at kapag tinutukoy ang teritoryo, ito ay tumutukoy sa lahat ng lupain sa loob ng County ng Santa Clara, isinama man o hindi.

- d. Ang "Mga Araw" ay nangangahulugang ng mga araw ng kalendaryo.
- e. Ang "Enforcement Office" ay nangangahulugang sa sinumang sumumpang opisyal ng kapayapaan, empleyado ng County, o iba pang indibidwal na itinalaga ng Opisyal ng Pangkalusugan o itinalaga ng Opisyal ng Pangkalusugan para magpatupad ng mga Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan.
- f. Ang "Hearing Officer" ay nangangahulugang sa Opisina ng Hearing Officer ng County na itinatag sa ilalim ng Dibisyong A38 ng Kodigo ng Ordinansa ng County.
- g. Ang "Abiso sa Paglabag" ay nangangahulugang ng isang Abiso sa Paglabag na inilabas alinsunod sa Ordinansang ito.
- h. "Ang (mga) Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan" ay nangangahulugang ng mga sumusunod, maging mabisa sa kasalukuyan, ginawang epektibo sa susunod na araw, o kasunod na ipinatupad:
 - 1) Ang lahat ng mga kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County o Opisyal ng Pamublikong Pangkalusugan ng Estado na may kaugnayan sa pandemyang COVID-19, kabilang ang lahat ng mga dokumento na isinama batay sa pinagkunan ng mga kautusan. Ito ay dapat magsama ng, sa pamamagitan ng halimbawa, protokol ng pagdistansya sa ibang tao ng anumang negosyo, tulad ng kinakailangan ng Kautusan ng Pagbabawas sa Panganib o anumang kasunod na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, pati na rin ang anumang mahigpit na ipinapatupad na direktiba o patnubay na inilabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County o ng Estado.
 - 2) Ang lahat ng mga dokumento sa paggabay sa industriya na ipinalabas ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California na tumatatag sa mga kinakailangan bilang mahigpit na ipinapatupad o permanente, o kung hindi man ay ang ipinakitang mga obligasyon na pinapatupad.
 - 3) Ang Moratoryo ng Pagpapalayas na ipinatupad ng Lupon, at anumang kasunod na pagpapalawig o muling pagpapalabas ng ordinansang iyon.
- 1. Ang "Responsableng Partido" ay nangangahulugang sa isang indibidwal o ligal na entidad, o ang ahente o ligal na tagapag-alaga ng nasabing indibidwal o entidad, na ang pagkilos o ang hindi pagkilos ay naglabag sa Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan. Ang salitang ito ay partikular na nangangahulugang at kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, alinman sa mga sumusunod:
 - 1) Sinumang tao o entidad na nagdudulot, nagpapanatili, pumapayag, o nagpapahintulot sa isang paglabag sa Ordinansang ito, kabilang ang sinumang tao, entidad ng Negosyo, korporasyon, hindi pinagsama-samang kapisanan, estate, trust, at iba pang ligal na entidad, kabilang ang mga may-ari, karamihan ng mga stockholder, mga opisyal, mga pangkabuuang kasosyo, nagsanib na

mga nagmamay-ari, mga miyembro, mga tagatupad, mga administrador, at mga trustees sa anumang ligal na entidad.

- 2) Sinumang tao o entidad na nagmamay-ari, nagtataglay, o kumokontrol ng anumang bahagi ng lupa o gusali sa County kung saan pinapanatili ang paglabag sa Ordinansang ito.
- 3) Ang sinumang trustee sa anumang trust na may hawak na ligal na titulo sa anumang bahagi ng lupa o gusali sa County kung saan pinapanatili ang paglabag sa Ordinansang ito.
- 4) Sinumang tao o entidad na nagmamay-ari, nagtataglay, nagpapakabo, namamahala, o kumokontrol sa anumang negosyo sa loob ng County na responsable para sa sanhi o pagpapanatili ng paglabag sa Ordinansang ito.

SEKSYON 3. Pagtanggap ng Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan bilang Batas sa County.

Ang lahat ng mga Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan ay itinuturing na mga kautusan at regulasyon alinsunod sa seksyon 8634 ng Kodigo ng Gobyerno, ay binubuo ng batas ng County para sa mga hindi kalakip at nakalakip na mga lugar, at ang mga ito ay tinutukoy na mahalaga para sa pangangalaga ng buhay at pag-aari sa panahon ng lokal na emergency na ipinahayag na may kaugnayan sa pandemyang COVID-19. Ang anumang paglabag sa isang Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan ay maituturing na isang agarang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng publiko alinsunod sa seksyon 53069.4 ng Kodigo ng Gobyerno at maituturing na isang pambagabag sa publiko. Walang anuman sa Ordinansang ito ang gawan ng interpretasyon para gawin ang isang aksyon na hindi lumalabag sa isang Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan na magresulta sa paglabag sa Ordinansang ito.

SEKSYON 4. Paglabag at Pagpapatupad.

- a. Mga Abiso sa Paglabag. Bawat Araw ay isang Magkahiwalay na Paglabag. Ang Ordinansang ito ay maaaring ipatupad sa anumang lokasyon sa loob ng County ng isang Opisyal ng Pagpapatupad sa pamamagitan ng paghain ng isang Abiso sa Paglabag, tulad ng nakasaad sa Seksyong 6 sa ibaba. Bawat araw o bahagi nito na may paglabag sa Ordinansang ito ay maituturing na hiwalay at natatanging pagkakasala.
- b. Kapangyarihan ng Opisyal ng Pagpapatupad. Tulad ng nakasaad sa Seksyong 6 sa ibaba, ang Opisyal ng Pagpapatupad ay may awtoridad at kapangyarihan na kinakailangan upang matukoy kung mayroong paglabag at gumawa ng naaangkop na aksyon para mapatupad ang pagsunod sa batas at mabawasan ang anumang paglabag. Ang Opisyal ng Pagpapatupad ay dapat magkaroon pa ng karagdagang awtoridad na maghain ng Mga Abiso sa Paglabag at iba pang mga paunawa at kautusan na kinakailangan upang sumunod sa batas at para mabawi ang ginastos, pati na rin ang kapangyarihan upang mag-inspeksyon ng pampubliko at pribadong pag-aari na naayon sa batas, magpataw ng multa at bayad, at gumamit ng mga remedyong pang-administratibo na magagamit sa ilalim ng batas ng estado, ng Ordinansang ito, at iba pang naaangkop na probisyon ng Kodigo ng Ordinansa ng County.

- c. Sagabal. Sinumang tao na kusang-loob na tumanggi, mag-antala, o humadlang sa sinumang Opisyal ng Pagpapatupad, Opisyal ng Pangkalusugan, o Hearing Officer na gawin o sa pagtangka na gawin ang kanilang tungkulin o ng kanyang opisina o trabaho na may kaugnayan sa Ordinansang ito ay magkakasala ng misdemeanor, mapaparusahan ng isang multa na hindi lalampas sa \$1,000, o sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa isang bilangguan ng County na hindi lalampas sa isang taon, o ng parehong multa na iyon at pagkabilanggo.
- d. Mga Hindi Totoong Pahayag. Sinumang tao na kusang-loob na nagsabi ng anumang bagay na alam ng taong iyon na mali sa anumang pasalita o nakasulat na pahayag sa isang Opisyal ng Pagpapatupad o Hearing Officer tungkol sa paksa ng isang imbestigasyon, Abiso sa Paglabag, o pagdinig na nagaganap alinsunod sa Ordinansang ito ay nagkasala ng misdemeanor, mapaparusahan sa pamamagitan ng multa na hindi hihigit sa \$1,000, o sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa isang bilangguan ng County na hindi lalampas sa isang taon, o ng parehong multa na iyon at pagkabilanggo.
- e. Kapangyarihan sa Pag-aresto. Alinsunod sa Kodigong Penal sa seksyong 836.5 at seksyon Al 8-32 ng Kodigo ng Ordinansa, ang Opisyal ng Pamublikong Pangkalusugan o ang kanyang mga tinalaga ay maaaring mag-aresto ng isang tao nang walang warrant basta mayroon siyang makatuwirang dahilan upang maniwala na ang tao ay lumabag sa Ordinansa sa harap niya. Sa anumang sitwasyon kung saan ang isang tao ay naaresto alinsunod sa mga probisyon ng seksyong ito, at ang taong naaresto ay hindi humihiling na dalhin sa harap ng isang mahistrado, ang Opisyal ng Pamublikong Pangkalusugan o ang kanyang mga tinalaga ay dapat maghanda ng isang nakasulat na paunawa upang lumitaw sa korte at pakawalan ang tao sa kanyang pangako na lilitaw sa korte alinsunod sa Kodigong Penal.
- f. Awtoridad ng Tagapayo ng County.
 - 1) Ang Tagapayo ng County ay dapat magkaroon ng awtoridad at kapangyarihan na magpatupad ng mga Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan sa ilalim ng Ordinansang ito.
 - 2) Ang Tagapayo ng County ay pinahihintulutan na magsampa ng isang civil action sa ngalan ng County upang pigilan ang anumang (mga) paglabag sa Ordinansang ito at makakuha ng iba pang naaangkop na kinakailangan upang ihinto at bawasan ang mga paglabag, pati na rin upang mabawi ang lahat ng mga nauugnay na mga gastos ng County, mga bayad sa abogado, at anumang mga multa o parusa na ipinataw.

SEKSYON 5. Hindi Eksklusibo at Pagpili ng mga Paglilitis.

- a. Pagpili ng mga Paglilitis. Ang Ordinansang ito ay nagbibigay ng mga paglilitis sa pagpapatupad (enforcement proceedings) na karagdagan sa iba pang mga paglilitis sa pagpapatupad na awtorisado ng lokal, estado, o pederal na batas, maging administratibo, sibil, o kriminal man. Ang anumang napili na magpatuloy sa ilalim ng Ordinansang ito ay

dapat walang bias o prejudice sa County na pumipili na magpatuloy nang sabay sa pamamagitan ng paghanap ng ibang paraan o karagdagang paraan ng pagpapatupad ng parehong paglabag. Ang pagpili na maghain ng isang Abiso sa Paglabag o gumawa ng iba pang pagkilos na pinahintulutan ng Ordinansang ito ay nakadepende sa sariling pagpapasya ng Opisyal ng Pagpapatupad, at walang anuman sa Ordinansang ito ang gawan ng interpretasyon upang utusan ang isang Opisyal ng Pagpapatupad na gumawa ng ilang mga hakbang bilang pagtugon sa mga potensyal na paglabag sa mga Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan o upang mahadlangan ang isang Opisyal ng Pagpapatupad na makipag-usap na impormal na pasalita o pasulat upang magpatupad ng batas.

- b. Epekto sa Awtoridad. Walang anuman sa Ordinansang ito na nagpapabago o nagpapaliit sa awtoridad ng Sheriff, sa Tagapayo ng County, o sa Abogado ng Distrito upang matugunan ang anumang mga paglabag. Walang anuman sa Ordinansang ito o sa mga ginawang desisyon, kabilang ang mga pagpapasya na hindi gumawa nang anumang aksyon sa pagpapatupad ng batas na pinahintulutan ng Ordinansang ito, ang maaaring lumikha ng anumang pananagutan para sa County o sinumang Opisyal ng Pagpapatupad.

SEKSYON 6. Mga Abiso sa Paglabag; Mga Parusa at Bayad; Pamublikong Pagbubunyag.

- a. Paghain (Issuance). Ang isang Opisyal ng Pagpapatupad ay maaaring maghain ng isang Abiso sa Paglabag sa sinumang Responsableng Partido na lumalabag sa anumang probisyon ng isang Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan. Ang Opisyal ng Pagpapatupad ay maaaring maghain ng isang Abiso sa Paglabag para sa isang paglabag na hindi nagawa sa harap nila kung matukoy nila sa pamamagitan ng imbestigasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, totoong impormasyon mula sa mga kawani ng County, na ginawa nang Responsableng Partido o kung hindi man, nang responsable sa paglabag.
- b. Mga Parusa. Ang mga parusa (multa) sa mga Abiso sa Paglabag na inilabas alinsunod sa Ordinansang ito ay ang mga sumusunod:
 - 1) Ang parusang sibil sa bawat paglabag na kinasasangkutan ng isang aktibidad na hindi pangkomersiyal ay isang multa na hindi hihigit sa limang daang dolyar (\$500). Ang pinakamababang halaga ng anumang naturang multa ay dapat dalawampu't limang dolyar (\$25). Ang isang aktibidad na hindi pangkomersiyal ay nangangahulugang isang paglabag na hindi nauugnay sa isang Negosyo o sa isang komersyal na transaksyon.
 - 2) Ang parusang sibil sa bawat paglabag na kinasasangkutan ng isang komersyal na aktibidad ay isang multa na hindi hihigit sa limang libong dolyar (\$5,000). Ang pinakamababang halaga ng anumang naturang multa ay dapat na dalawang daan at limampung dolyar (\$250). Ang mga multa na ipinataw para sa bawat araw ng paglabag na kinasasangkutan ng isang komersyal na aktibidad ay awtomatikong magdodoble, hanggang sa pinakamataas na halaga na nakalagay sa itaas. Sa bawat araw na nangyari ang paglabag matapos naabot ang pinakamataas na halaga ay dapat nasa pinakamataas na halaga ang imumulta. Ang isang komersyal na

aktibidad ay dapat mangahulugan ng anumang aktibidad na nauugnay sa isang Negosyo o sa isang komersyal na transaksyon.

- 3) Ang isang Responsableng Partido na may maramihang paglabag ay mumultahan hanggang sa pinakamataas na multa na itinakda sa Seksyong 6(b) sa bawat paglabag nito at ang halaga ng multa ay pagsasama-samahin.

c. Mga Kadahilanan sa Pagtatakda ng Halaga ng Multa. Sa pagtukoy ng halaga ng isang multa alinsunod sa Seksyon 6(b), sa itaas, dapat isaalang-alang ng Opisyal ng Pagpapatupad:

- 1) Ang kalubhaan ng panganib sa pampublikong kalusugan na dulot ng paglabag;
- 2) Kung ang Responsableng Partido ay dating napayuhan hinggil sa paglabag;
- 3) Para sa isang paglabag na nagmula sa mga komersyal na aktibidad, kung ang paglabag ay malamang magresulta sa pagtaas ng kita o sa pag-iwas ng gastusin.
- 4) Ang dami ng naunang Mga Abiso sa Paglabag na natanggap ng Responsableng Partido;
- 5) Kung ang Responsableng Partido ay lubos na nagsisikap na makamit at mapanatili ang pagsunod sa mga Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan; at
- 6) Ang iba pang mga bagay na nauugnay sa katangian, mga pangyayari, lawak, at kalubhaan ng paglabag.

d. Grace Period. Kung ang paglabag ay pwedeng iwasto (halimbawa, may isang patuloy na paglabag at ang Responsableng Partido ay may kakayahang magdulot ng isang resolusyon) at hindi nagbibigay ng malubha at agarang banta sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng publiko, maaaring isama sa Abiso sa Paglabag ang grace period upang iwasto ang (mga) paglabag, at maiwasan ang parusang sibil na nakalagay sa Abiso sa Paglabag. Ang grace period ay magsisimula sa 24-72 oras mula sa petsa ng Abiso sa Paglabag. Sa pagtukoy kung magbibigay ng grace period at sa pagtukoy ng haba ng grace period na kasama sa Abiso sa Paglabag, dapat isaalang-alang ng Opisyal ng Pagpapatupad ang parehong mga kadahilanan na ibinigay sa itaas na may kaugnayan sa pagtatakda ng halaga ng multa. Ang hangarin ng probisyong ito ay magbigay ng grace period bilang pangunahing aksyon kung kinakailangan; subalit, ang lahat ng mga bagay na nauugnay sa mga grace period ay nakasalalay sa pagpapasya ng Opisyal ng Pagpapatupad at hindi pwedeng apelahin.

- e. Pag-uulat ng Pagsunod sa batas Pagkatapos ng Grace Period. Kailangang ayusin ng Reponsableng Partido ang bawat nabanggit na paglabag at dapat mag-ulat sa Opisyal ng Pagpapatupad kapag ang bawat nabanggit na paglabag ay naayos bago matapos ang grace period. Dapat isama sa bawat nasabing report ang contact information at availability ng Responsableng Partido para matiyak na ang Opisyal ng Pagpapatupad ay makapagpatunay ng mga pagsunod sa batas sa loob ng 72 oras mula sa petsa ng pagwawasto. Kung ang Responsableng Partido ay hindi nag-ulat sa Opisyal ng Pagpapatupad bago matapos ang grace period, o kung ang Responsableng Partido ay hindi nagbigay ng sapat na impormasyon sa Opisyal ng Pagpapatupad upang mapatunayan ang pagsunod sa batas, ang multa ay awtomatikong magiging epektibo. Nakasalalay sa Opisyal ng Pagpapatupad ang pagpapasya upang matukoy kung ang isang paglabag ay naitama.
- f. Pamublikong Pagbubunyag ng mga Hindi Naiwastong Paglabag. Ang County ay maaaring magbunyag sa publiko nang anumang paglabag sa isang Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan, kasama ang pangalan ng Responsableng Partido at ang katangian, petsa, at lokasyon ng paglabag. Kung ibinigay ang isang grace period at itinuwid ng Responsableng Partido ang paglabag bago pa matapos ang grace period, hindi ibubunyag ng County ang paglabag, maliban na lang kung kailangan ng batas ng Estado.
- g. Pagbayad ng mga Administratibong Multa. Ang lahat ng mga multa at bayad ay dapat bayaran sa County alinsunod sa mga pamamaraan na tinukoy sa Ordinansa, maliban na lang sa nakasaad sa Abiso sa Paglabag. Ang mga multa ay dapat bayaran sa County sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng paghain ng Abiso sa Paglabag maliban na lang kung humiling ng maayos para umapela. Kung ang isang apela ay hiniling nang maayos at ang multa ay nanatili o nabawasan sa pang-administratibong pagdinig na iyon, ang nakumpirmang halaga ng multa ay dapat bayaran sa County sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng paghain ng pagpapasya. Ang pagbayad ng mga multa at bayarin ay hindi maging dahilan sa kabiguan na iwasto ang paglabag o pagharang sa karagdagang pagkilos ng pagpapatupad ng County.
- h. Administratibong Bayarin. Ang County ay maaaring gumamit ng isa o higit pang mga administratibong bayarin upang mabawi ang mga gastos na nauugnay sa paghain, pagpapatupad, pagproseso, at pagkolekta ng mga Abiso sa Paglabag. Ang mga administratibong bayarin ay dapat maitatag sa pamamagitan ng resolusyon ng Lupon. Ang mga administratibong bayarin ay susuriin sa bawat Abiso sa Paglabag at kokolektahin sa parehong paraan at sa parehong oras ng parusang sibil; subalit, ang administratibong bayarin ay susuriin lamang ng isang beses sa bawat Abiso sa Paglabag. Hanggang sa maitaguyod ang isang bagong administratibong bayarin, ang anumang umiiral na naaangkop na bayad ay dapat mailapat.

1. Late Fee; Gastos ng Pagkolekta. Ang sinumang tao na hindi nagbayad ng anumang multa o ng administratibong bayarin na ipinataw alinsunod sa mga probisyon ng Ordinansang ito ay mananagot para sa pagbayad ng isang late fee. Ang late fee ay dapat na 10 porsyento ng halaga ng di nabayarang multa. Bilang karagdagan sa administratibong bayarin at late fee, ang County ay may karapatan na bumawi ng lahat ng mga gastos, bayarin, at mga bayad sa abugado na nauugnay sa pagkolekta sa anumang mga multang administratibo, bayad, o gastos na pinahintulutan ng Ordinansang ito.

SEKSYON 7. Mga Nilalaman ng isang Abiso sa Paglabag; Paghain.

- a. Mga Nilalaman. Ang bawat Abiso sa Paglabag na inihain sa ilalim ng Ordinansang ito ay dapat maglalaman ng:
 - 1) Petsa ng paglabag;
 - 2) Pangalan ng nabanggit na Responsableng Partido;
 - 3) Address o isang paglalarawan ng lokasyon kung saan naganap ang paglabag;
 - 4) Pagkilala sa mga kinakailangan ng Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan na nilabag ng Responsableng Partido at isang maikling paglalarawan ng paglabag;
 - 5) Grace period (kung mayroon) upang iwasto ang bawat nabanggit na paglabag upang maiwasan ang isang multa, kasama ang utos sa Responsableng Partido na mag-ulat sa Opisyal ng Pagpapatupad kung ang bawat nabanggit na paglabag ay naiwasto upang ang Opisyal ng Pagpapatupad ay kaagad na makapagpatunay nang pagsunod ng batas sa pagkatapos ng pagwawasto;
 - 6) Halaga ng multa na maipapataw para sa bawat nabanggit na paglabag kung ang nabanggit na paglabag ay hindi naiwasto sa loob ng grace period, kung mayroon. Kung walang grace period, ang multa ay kaagad na ipapataw;
 - 7) Ang (mga) lokasyon at oras ng opisina, kung mayroon, at address ng koreo kung saan maaaring bayaran ang mga multa;
 - 8) Isang abiso na ang halaga ng multa ay awtomatikong muling idadagdag (at para sa mga paglabag na nagmula sa aktibidad na komersyal, dobleng alinsunod sa Seksyon 6, sa itaas) sa bawat araw na lampas sa grace period (kung mayroon) na ang binanggit na paglabag ay nagpatuloy, hanggang sa pinakamataas na halaga na nakasaad sa Ordinansang ito;

- 9) Halaga ng lahat ng iba pang mga bayarin at singil na pinahintulutan ng Ordinansang ito;
- 10) Isang maikling pahayag tungkol sa pagpapasya ng paglabag at/o halaga ng multa ay maaaring i-apela, tulad ng mga sumusunod:

Upang I-apela ang Abiso sa Paglabag na ito: Ang (mga) paglabag na natukoy sa Abiso sa Paglabag at ang halaga ng multa na ipinataw ay maaaring i-apela sa loob ng 10 araw ng kalendaryo ng nahain ang Abiso sa Paglabag sa pamamagitan ng pagbibigay sa Clerk ng Lupon ng mga Superbisor, County ng Santa Clara (County Government Center, 70 W. Hedding St., San Jose, CA 95110) ng isang nakasulat na hiling para umapela. Ang kahilingan ay dapat may titulong "KAHILINGAN PARA SA APELA NG ABISO SA PAGLABAG" at dapat na itakda ang katotohanan at/o ligal na batayan para sa apela nang may sapat na detalye upang ipag-alam sa County ang katangian ng apela at mga pagtutol at argumento na binanggit ng Responsableng Partido.

- 11) Isang maikling paglalarawan ng proseso ng pagbabayad ng multa, kabilang ang 30 araw na panahon upang mabayaran ang multa at iba pang mga bayarin at singil, ang late fee dahil sa kabiguang magbayad sa tamang oras, at ang mga hindi nabayarang halaga na maaaring maging isang lien at espesyal na pagsusuri sa lupa at/o gusali kung saan naganap ang paglabag; at
- 12) Pangalan at lagda ng Opisyal ng Pagpapatupad at naaangkop na contact information.

b. Paghain (Service). Ang paghain ng isang Abiso sa Paglabag ay maaaring mangyari ng alinman sa mga sumusunod na pamamaraan:

- 1) Personal na paghain sa may-ari o iba pang Responsableng Partido.
- 2) First-class o sertipikadong koreo sa address ng negosyo ng Responsableng Partido, o ang huling napag-alamang personal na address gamit ang impormasyon mula sa huling pagsusuri o iba pang maaasahang impormasyon na magagamit ng Opisyal ng Pagpapatupad.
- 3) Para sa mga paglabag na kinasasangkutan ng paggamit ng lupa at/o gusali kung saan ang may-ari o ang nag-uupa ay isang Responsableng Partido, sa pamamagitan ng pagpost ng abiso sa isang sa lugar na madaling makita sa pasukan ng lugar at/o gusali.

- 4) Para sa anumang Responsableng Partido na nakarehistro sa Sekretarya ng Estado, sa pamamagitan ng sertipikadong koreo sa ahente ng partido para sa paghain ng proseso sa address na nakarehistro sa Sekretarya ng Estado, o kung pinahihintulutan ng batas. Para sa anumang nasabing partido na kinakailangang magparehistro sa Sekretarya ng Estado na hindi nagtalaga ng isang ahente para sa paghain ng proseso kasama ang Sekretarya ng Estado, kung gayon ang isang abiso ay maaaring ihain sa nasabing partido sa pamamagitan ng sertipikadong koreo sa Sekretarya ng Estado.
 - 5) Sa pamamagitan ng e-mail kapag ang isang email address ay ibinigay sa County ng partido na iyon. Kung ang Responsableng Partido ay nagbigay ng isang email address sa County sa kanyang protokol sa pagdistansya sa ibang tao, ang paghain ay maaaring gawin sa pamamagitan ng email sa email address na iyon.
 - 6) Sa anumang paraan na makatuwirang kinalkula para maihain ang abiso.
- c. Epektibong Oras ng Paghain. Ang paghain sa pamamagitan ng personal na pagdideliver o pagpost ay dapat ituring na epektibo sa oras ng pagdeliver o pagpost. Ang paghain sa pamamagitan ng koreo o e-mail ay dapat na maituturing na epektibo sa oras na ito ay nadeposito sa koreo o nadeliver sa e-mail. Ang kabiguan ng anumang Responsableng Partido na matanggap ng anumang Abiso sa Paglabag na alinsunod sa Seksyong ito ay hindi makakaapekto sa pagiging epektibo ng Abiso sa Paglabag o anumang kasunod na pagdinig (proceeding) o aksyon na may kaugnayan sa Abiso sa Paglabag o ang (mga) paglabag na nabanggit doon.

SEKSYON 8. Mga Apelang Administratibo.

- a. Upang marinig ang mga apela ng Mga Abiso sa Paglabag na inilabas alinsunod sa Ordinansang ito, pinapayagan ng Lupon ng mga Superbisor na gamitin ang isang nahirang na Hearing Officer alinsunod sa Kodigo ng Ordinansa ng County.
- b. Sa oras na natanggap ang nakasulat na apela, ang apela ay dapat na agad na itakda para sa isang pagdinig sa harap ng Hearing Officer.
- c. Maliban kung ang isang pagdinig ay binawi ng County at ang Responsableng Partido (Nag-aapela) na pabor sa isang pagpapasya batay sa nakasulat na mga hinaing apela, kabilang ang mga argumento at ang sumusuportang katibayan sa anyo ng pinahayag na testimonya at iba pang mabisang ebidensya, ang Hearing Officer ay dapat gumawa ng administratibong pagdinig alinsunod sa Kodigo ng Ordinansa sa Dibisyong A38 upang matukoy kung ang mga kondisyon na inilarawan sa Abiso sa Paglabag ay bumubuo ng paglabag sa mga Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan sa ilalim ng Ordinansang ito at upang suriin at magpasya ng iba pang mga bagay na maayos na inapela ng Nag-aapela. Ang pagdinig ay maaaring magpatuloy paminsan-minsan para sa mabuting dahilan.

- d. Ang Nag-aapela ay bibigyan ng isang pagkakataon sa pagdinig upang makapaglahad at magpakita ng testimonya (kabilang ang cross-examination) at iba pang katibayan hinggil sa mga bagay na maayos na inapela, kabilang ang pagkakaroon ng isa o higit pang mga paglabag at ang halaga ng administratibong parusa. Ang pagkabigo ng Nag-aapela na lumitaw at magpakita ng katibayan sa pagdinig ay dapat ituring na pagbawi ng kahilingan para sa pagdinig at dapat na maging isang pagkabigo upang maubos ang mga remedyong pang-administratibo.
 - e. Ang Nag-aapela ay maaaring pumili ng kaniyang kinatawan gaya ng isang abugado; subalit, ang pormal na mga patakaran ng katibayan o pamamaraan ay hindi mailalapat, kabilang ang mga patakaran na may kaugnayan sa katibayan, mga testigo, at sabi-sabi.
 - f. Ang pamantayan ng patunay ay ang pangingibabaw ng ebidensya at ang County ang magpasan ng hirap sa pagpapatunay upang maipakita ang paglabag, kung inilagay sa alitan nang abiso ng apela. Ang pagpasan ng pagpapatunay sa lahat ng iba pang mga bagay ay nasa Nag-aapela.
 - g. Pagkatapos ng pagdinig, dapat ibigay ng Hearing Officer ang kanyang nakasulat na desisyon na nagpapatunay, nagbabaligtad, o nagbabago ng pagpapasya sa isa o higit pang mga nangyaring paglabag. Kung ang paglabag ay napatunayan, ang pagpapasya ay dapat magsama ng isang pahayag na ang County ay may karapatan na bumawi ng mga parusang administratibo at iba pang mga bayarin, multa, o gastos na pinahintulutan ng Ordinansang ito at kabilang sa Abiso sa Paglabag. Maaari ring bawasan ng Hearing Officer ang halaga ng parusang pang-administratibo kung nararapat, na isinasalang-alang ang lahat ng katibayan na ibinigay ng Nag-aapela at anumang tumutugon na katibayan na nabanggit ng County, na may kaugnayan sa mga kadahilanan na nakasaad sa Seksyong 6, sa itaas.
 - h. Ang isang kopya ng pagpapasya ay dapat ibigay sa mga partido at maging pinal at tiyak kapag nilagdaan ng Hearing Officer at inihain sa Tagapayo ng County at ng Nag-aapela. Para sa paghain sa Nag-aapela, ang Hearing Officer ay dapat maghain sa paraang hiniling ng Nag-aapela o, kung walang ibinigay na pamamaraan sa paghain, alinsunod sa mga pamamaraan ng paghain sa Seksyong 7, sa itaas, sa tulong ng County kung ninanais.
 1. Ang pagbabayad ng lahat ng mga multa, bayad, singil, at gastos na tinukoy sa pagpapasya ng Hearing Officer ay dapat gawin sa County sa loob ng 30 araw ng paghain ng pagpapasya, maliban kung naapela sa Superior Court sa tamang oras. Ang sinumang Responsableng Partido na naagrabyado sa pagpapasya ng isang Hearing Officer na nagtukoy ng paglabag sa isang Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan at/o ng pang-administratibong multa ay maaaring makakuha ng karagdagang pagsusuri sa pamamagitan ng naaangkop na pagsasampa sa Superior Court ng Santa Clara County alinsunod sa mga takdang oras at mga probisyon na nakasaad sa Kodigo ng California sa Seksyon 1094.5 ng Pamamaraang Sibil.
- J. Maaaring mag-areglo ang Nag-aapela sa anumang apela sa Tagapayo ng County sa anumang oras para sa mabuting dahilan. Ang Tagapayo ng County ay dapat kumunsulta

sa County Executive at Opisyal ng Pangkalusugan ng County o sa kanilang mga tinalaga, bago gawin ang anumang pag-areglo. Ang mga tuntunin sa lahat ng mga pag-areglo ay dapat isiwalat sa publiko sa oras na ito ay hiniling.

SEKSYON 9. Pagkakumpidensiyal ng mga Reklamo.

Ang County ay dapat magsagawa ng lahat ng makatuwirang hakbang upang matiyak na ang pagkakakilanlan at ang personal na impormasyon ng sinumang nagrereklamo sa County na nagpapatid sa County ng isang di-umano'y paglabag sa isang Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan ay dapat manatiling kumpidensiyal, maliban kung tinukoy mismo ng nagrereklamo. Idineklara at napag-alaman ng Lupon na ang pinaglingkurang interest ng publiko sa pamamagitan ng paghimok ng mga reklamo sa County na walang takot na mapaghigantihan ay malinaw na higit pa sa pinaglingkurang interes ng publiko sa pamamagitan ng pagsisiwalat ng pagkakakilanlan at ang impormasyon ng nagrereklamo. Walang ihahain na Abiso sa Paglabag hanggang ang isang Opisyal ng Pagpapatupad ay nagsuri at gumawa ng isang independiyenteng pagpapasya hinggil sa pagkakaroon ng isang paglabag.

SEKSYON 10. Mga Lien sa Lupa at/o Gusali

Ang lahat ng mga paglabag sa Ordinansang ito ay bumubuo ng isang pambagabag sa publiko at ang nauugnay na mga gastos sa pagpapatupad ay itinuturing na mga costs of abatement. Ang lahat ng hindi bayad na abatement costs ay maaaring mai-secure sa pamamagitan ng isang nuisance abatement lien na naitala sa titulo ng ari-arian kung saan naganap ang paglabag (sa kondisyon na ang may-ari ng ari-arian ay nakapansin ng katangian at lawak ng paglabag at walang ginawa na mga makatuwirang hakbang upang hadlangan o maiwasan ito) at sa pamamagitan ng espesyal na pagsusuri na nakalagay sa singil ng buwis ng nasabing pag-aari. Ang lahat ng mga hakbang na ginawa upang magpataw ng isang lien at lumikha ng isang espesyal na pagsusuri ay dapat sumunod sa naaangkop na mga kinakailangan ng batas ng estado.

SEKSYON 11. Hindi naaangkop ang CEQA.

Ang Ordinansang ito ay hindi napapailalim sa California Environmental Quality Act (CEQA) alinsunod sa Mga Patnubay ng CEQA sa Seksyong 15060(c)(2) (ang aktibidad ay hindi magrerresulta sa isang direkta o di-direkta na inaaasahang pisikal na pagbabago sa kapaligiran) at Seksyong 15060 (c)(3) (ang aktibidad ay hindi isang proyekto na tinukoy sa Seksyong 15378 ng Mga Patnubay ng CEQA, dahil wala itong potensyal na magrerresulta sa pisikal na pagbabago sa kapaligiran, direkta man o hindi).

SEKSYON 12. Severability.

Kung ang anumang seksyon, subseksyon, pangungusap, sugnay, o parirala ng Ordinansang ito sa anumang kadahilanan ay ipinasyang walang bisa, ang nasabing pagpapasya ay hindi makakaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng Ordinansa. Ang Lupon ng mga Superbisor ay nagpapahayag na tatanggapin ang Ordinansang ito at ang bawat seksyon, subseksyon, pangungusap, sugnay, at parirala nito kahit alinman sa isa o higit pang mga seksyon, mga subseksyon, pangungusap, sugnay, o parirala ay maaaring mapagpasyahan na walang bisa.

SEKSYON 13. Petsa ng Pagkabisa.

Ang Ordinansang ito ay kaagad na magkakabisa pagkatapos na ito ay ipinatupad sa pamamagitan ng 80 porsyento na boto ng Lupon ng mga Superbisor bilang isang agarang ordinansa. Ito ay batay sa napag-alaman ng Lupon ng mga Superbisor na ang Ordinansang ito ay ipinatupad bilang pagsunod sa seksyon 25123(d) ng Kodigo ng Gobyerno, na kinakailangan para sa proteksyon ng pampublikong kapayapaan, kalusugan, o kaligtasan para sa mga kadahilanang nakapaloob sa nakasaad sa Ordinansang ito, at ito ay kinakailangan para maiwasan ng County ng Santa Clara ang kahirapan na dulot ng posibleng hindi na mababawing pagpapaalis ng mga nangungupahan na resulta ng mga pagpapalayas kung saan dinesenyo sana ang Moratoryo ng Pagpapalayas para maiwasan ito.

SEKSYON 14. Expiration.

Ang Ordinansa ay mananatiling nakatupad at may bisa hanggang sa pagbawi ng Lupon ng mga Superbisor o sa pagwawakas ng emergency sa pampublikong pangkalusugan ng COVID-19.


NAIPASA AT NATANGGAP ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara , Estado ng California, sa **AGO 11 2020** sa pamamagitan ng sumusunod na boto:

CHAVEZ, CORTESE, ELLENBERG
AYES: **SIMITIAN, WASSERMAN**

HINDI: **WALA**

ABSENT: **WALA**


ABSTAIN: **WALA**



CINDY CHAVEZ, Pangulo
Lupon ng mga Superbisor

ang isang kopya nitong
dokumento Piniirmahan at pinagubay sa o sa ibang
pamamaraan upang mai-deliver sa elec
tronics
mail@clips.net: 1e_rms1d0nt, B_0_ard ng gpuerv Isors.

PAGTATAYA:



MEGAN DOYLE
Clerk of the Board of Supervisors

NAAPRUBAHAN SA ANYO AT LEGALIDAD:

'fef rMt ----: nit :: srlr> e / Z. Wrw-s.

JAMES R. WILLIAMS

Tagapayo ng County

2253791